# Ang Iyong Karapatang Magtanong Tungkol sa Desisyon na Ginawa sa Iyong Claim

Ano ang nasa loob


| | |
|---|---|
| Kailan mag-aapela | 1 |
| Paano mag-apela | 2 |
| Ang iyong karapatang magpakatawan | 2 |
| Reconsideration | 2 |
| Pagdinig (Hearing) | 2 |
| Muling Pagsuri ng Appeals Council | 3 |
| Pederal na hukuman | 4 |
| Pakikipag-ugnayan sa Social Security | 4 |


Nais siguraduhin ng Social Security na natatanggap mo ang mga benepisyo mula sa Social Security na kwalipikado kang tumanggap. Maingat naming tinitingnan ang lahat ng mga katotohanan bago kami gumagawa ng desisyon tungkol sa iyong pagiging kwalipikado para sa mga benepisyo at sa mga halagang maaari mong matanggap. Kung hindi ka sumasang-ayon sa aming desisyon, maaari mo itong apelahin. Ibig sabihin nito, maaari mo kaming hilinging tingnan muli ang iyong kaso. Kapag humingi ka ng apela, titingnan namin ang buong desisyon, hindi lamang ang bahagi na hindi mo sinasang-ayunan. Kung mali ang aming desisyon, babaguhin namin ito.

May apat na antas ang pag-apela. Kung hindi ka nasisiyahan sa desisyon sa isang antas, maaari kang mag-apela sa susunod.

Ang mga antas ay:

- Reconsideration (Muling pagsasaalang-alang);
- Hearing;
- Pagsusuri muli ng Appeals Council; at
- Pederal na korte.

## Kailan mag-aapela

Upang maghain ng isang apela, mahalagang maintindihan ang panahon kung kailan maaari kang humingi nito. Mayroon kang 60 araw mula sa petsa kung kailan mo natanggap ang sulat na nagsasabi sa iyo kung ano ang aming desisyon upang humiling ng apela. Ipinapalagay namin na matatanggap mo ang aming sulat sa loob ng limang araw pagkatapos ng petsa sa sulat, maliban kung maipapakita mo sa amin na nakuha mo ito nang mas huli.

Kung hindi ka nag-apela sa loob ng 60-araw na panahon, maaaring mawala ang iyong karapatang mag-apela at ang huling desisyon na ginawa namin ang magiging pinakahuling desisyon. Halimbawa, kung hindi ka hihingi ng reconsideration sa loob ng 60 araw, maaaring mawala ang iyong karapatang mapa-reconsider ang iyong kaso.

Kung may mabuting dahilan kung bakit hindi mo na-apela ang iyong kaso sa loob ng nakatakdang panahon, maaari ka naming bigyan ng karagdagang panahon. Ang kahilingan para sa karagdagang panahon ay dapat ibigay sa amin nang nakasulat, at dapat magpahayag ng dahilan kung bakit nátagalán.

Kapag ang huling araw upang maka-appeal ay pumapatak sa isang Sabado, Linggo, o piyesta opisyal, ang limit sa panahon ay magtatapós sa susunod na araw ng trabaho.

## Paano mag-apela

Dapat mong hilingin ang iyong apela nang nakasulat. Maaari mo kaming tawagan at humingi ng appeal form (pormularyo para sa apela) o maaari mo kaming padalhan ng isang pinirmahang paunawa na nilagyan mo ng iyong Social Security number at na nagpapahayag na nais mong apelahin ang desisyon sa iyong kaso. Kung nag-apply ka para sa mga Social Security disability benefits (mga benepisyo dahil sa isang kapansanan) at tinanggihan ang iyong application, ang pagpungta sa ***www.socialsecurity.gov/disability/appeal*** ang pinakamabilis at pinakamadaling paraan upang ma-apela ang iyong iyong desisyon, Maaari mong i-upload online ang iyong mga dokumento upang masuporta ang iyong apela. Babawasan nito ang panahon na kakailanganin upang makakuha ng desisyon mula sa Social Security.

## Ang iyong karapatang magpakatawan

Maaari mong piliing magpatulong sa isang tao sa iyong apela o magpakatawan sa kanya. Ang iyong kinatawan ay maaaring isang abogado o ibang kwalipikadong taong kilala ka at ang programa ng Social Security. Ang pakikipagtulungan na gagawin namin sa iyo ay gagawin din namin sa iyong kinatawan. Siya ay maaaring kumilos para sa iyo sa karamihan ng mga bagay na may kinalaman sa Social Security at siya ay makakatanggap ng isang kopya ng anumang mga desisyon na gagawin namin tungkol sa iyong claim.

Ang iyong kinatawan ay hindi maaaring sumingil o mangolekta ng fee (bayad) mula sa iyo bago makakuha mula sa amin ng nakasulat na pahintulot. Kung nais mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagkakaroon ng isang kinatawan, hilingin ang lathalang Ang Iyong Karapatan na Katawanin (Lathala Bilang 05-10075-TL), na makukuha rin online sa aming website, ***www.socialsecurity.gov***.

## Reconsideration

Ang isang reconsideration ay isang kompletong pagsusuri muli ng iyong claim o kahilingan na gagawin ng isang tao sa Social Security (o sa mga pang-estadong Disability Determination Services, o mga serbisyong nagtitiyak ng kapansanan, kung naghahain ka ng apela ng isang desisyon na may kaugnayan sa isang disability claim) na hindi lumahok sa unang desisyon. Titingnan ng taong iyon ang lahat ng ebidensiya na ginamit upang gawin ang orihinal na desisyon, at anumang bagong ebidensiya.

Kapag gumawa kami ng isang desisyon tungkol sa iyong reconsideration, padadalhan ka namin ng sulat na magpapaliwanag sa desisyon.

## Pagdinig (Hearing)

Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon sa muling pagsasaalang-alang (reconsideration), maaari kang humiling ng isang pagdinig (hearing). Ang pagdinig ay isasagawa ng isang hukom ng batas administratibo (administrative law judge) na walang naging bahagi sa orihinal na desisyon o sa naging pagsasaalang-alang ng iyong kaso.

*(kabila)*

Ang hearing o pagdinig ay karaniwang ginagawa sa loob ng 75 milya mula sa iyong tahanan. Sasabihin sa iyo ng administrative law judge kung kailan at saan gagawin ang pagdinig.

Bago isasagawa ang pagdinig, maaari ka naming hilinging bigyan kami ng karagdagang ebidensiya at linawin ang impormasyon tungkol sa iyong kahilingan o claim. Maaari mong tingnan ang impormasyon sa iyong file at maaari kang magbigay ng bagong impormasyon.

Sa pagdinig o hearing, ikaw at ang sinumang saksi na dadalhin mo ay tatanungin ng hukom ng batas administratibo o administrative law judge. Ang ibang mga saksi, tulad ng mga dalubhasang medikal o bokasyonal, ay maaari ring magbigay sa amin ng impormasyon sa panahon ng pagdinig o hearing. Maaaring tanungin mo o ng iyong kinatawan ang mga saksi.

Sa ilang mga sitwasyon, maaari naming gawin ang iyong pagdinig o hearing sa pamamagitan ng isang video conference sa halip ng harap-harapan. Sasabihin namin sa iyo nang maaga kung ganito nga ang mangyayari. Sa mga pagdinig na video, maaaring magawa naming mas mainam para sa iyo ang pag-iskedyul o pagtakda ng pagdinig. Kadalasan, ang pagharap sa korte sa pamamagitan ng video hearing ay maaaring itakda nang mabilisan kaysa isang personal na pagharap sa korte. Dagdag dito, ang lugar para sa pagdinig ay maaaring mas malapit sa iyong tahanan. Maaari nitong gawing mas madali para sa iyo na magpasama sa mga saksi o sa ibang mga tao.

Karaniwang mas maigi para sa iyo na magpunta sa pagdinig o hearing (harap-harapan man o video conference). Ikaw at ang iyong kinatawan, kung mayroon ka nito, ay dapat pumunta sa hearing o pagdinig at dapat ninyong ipaliwanag ang iyong kaso.

Kung hindi ka makakapunta sa isang pagdinig o hearing o kung ayaw mo itong gawin, dapat mo kaming sulatan sa pinakamadaling panahon upang sabihin sa amin kung bakit.

Maliban na lamang kung naniniwala ang hukom ng batas administratibo o administrative law judge na ang iyong pagpunta nang personal ay sadyang kinakailangan upang mapagpasiyahan ang iyong kaso at inuutusan ka niyang magpunta, hindi mo kailangang pumunta. O kaya'y maaari kaming makagawa ng ibang mga pag-aayos (arrangements) para sa iyo, tulad ng pagbago ng oras o lugar ng iyong pagdinig. Dapat ay mayroon kang magandang dahilan upang gumawa kami ng ibang mga pagsasaayos.

Matapos ang pagdinig, ang huwes ay gagawa ng isang desisyon batay sa lahat ng impormasyon sa iyong kaso, kabilang ang anumang mga bagong impormasyon na iyong ibibigay. Papadalhan ka namin ng sulat at isang kopya ng desisyon ng huwes.

## Muling Pagsuri ng Appeals Council

Kung hindi ka pa rin sumasang-ayon sa kapasyahan sa pagdinig na ginawa ng administrative law judge, maaari kang humiling ng muling pagsusuri ng Appeals Council ng Social Security. Tinutunghayan ng Appeals Council ang lahat ng mga kahilingan para sa muling pagsusuring ito, ngunit maaari nitong tanggihan ang isang kahilingan kung naniniwala itong tama ang kapasyahan sa pagdinig. Kung pinagpasiyahan ng Appeals Council na muling suriin ang iyong kaso, ang Council na mismo ang maaaring mapagpasiya ng iyong kaso o maaari itong maglabas ng utos na ibalik ang iyong kaso sa isang administrative law judge para sa karagdagang kilos.

Kung tinanggihan ng Appeals Council ang iyong kahilingan para sa muling pagsusuri, padadalhan ka namin ng sulat na nagpapaliwanag sa pagtangging ito. Kung pinagpasiyahan mismo ng Appeals Council ang iyong kaso, padadalhan ka namin ng kopya ng desisyon. Kung ibinalik ng Appeals Council ang iyong kaso sa isang hukom ng batas administratibo o administrative law judge, padadalhan ka namin ng isang sulat at isang kopya ng kautusan.

*(kabila)*

## Pederal na hukuman

Kung hindi ka sumasang-ayon sa pasya ng Appeals Council o kung pinagpasiyahan ng Appeals Council na hindi muling suriin ang iyong kaso, maaari kang maghabla sa isang federal district court. Ang sulat na ipapadala namin sa iyo tungkol sa ginawa ng Appeals Council ay magkapagsasabi rin sa iyo kung paano hihilingin sa hukuman na tingnan muli ang iyong kaso.

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

### Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.

Securing today
and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-10058-TL | July 2017 (March 2015 editions may be used)
Ang Iyong Karapatang Magtanong Tungkol sa Desisyon na Ginawa sa Iyong Claim
Your Right To Question The Decision Made On Your Claim (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito